

Kailan nagsimula ang Komisyon ng NDIS?

Ang Komisyon ng NDIS ay nagsimula noong:



Ika-1 ng Hulyo 2018
sa New South Wales
at South Australia



Ika-1 ng Hulyo 2019
sa Australian Capital
Territory, Northern
Territory, Queensland,
Tasmania at Victoria



Ika-1 ng Disyembre 2020
sa Western Australia

Bago nagsimula ang Komisyon ng NDIS sa bawat estado o teritoryo, ang mga kasali, tagabigay at trabahador ng NDIS ay nakapaloob sa umaandar na mga sistemang pang-kalidad at pang-kaligtasan sa kanilang estado o teritoryo.

Sundan kami

 www.facebook.com/NDISCommission
 www.linkedin.com/company/ndiscommission



Tawagan kami

Email: contactcentre@ndiscommission.gov.au
Telepono : 1800 035 544

Dagdag na kaalaman

Mga karagdagan na impormasyon tungkol sa Komisyon ng NDIS, pati ang mga mapagkukunan para sa mga tagabigay-serbisyo at kalahok, ay makukuha sa website ng Komisyon ng NDIS sa www.ndiscommission.gov.au



NDIS Quality
and Safeguards
Commission

Tungkol sa Komisyon sa Kalidad at mga Panangalang ng NDIS (NDIS Quality and Safeguards Commission)



December 2020

Isang pambansang pamamaraan para sa kalidad at kaligtasan sa NDIS

Ang Komisyon sa Kalidad at mga Pananggalang ng NDIS (NDIS Quality and Safeguards Commission (ang Komisyon ng NDIS)) ay isang malayang ahensya ng gobyerno na nagtatrabaho upang mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at tulong, nag-iimbestiga at lumulutas ng mga problema, at nagpapalakas sa mga kasanayan at kaalaman ng mga tagabigay-serbisyo at mga kalahok ng NDIS.

Ang Komisyon ng NDIS ay nagbibigay ng magkakaparehong pamamaraan sa buong bansa na may kalidad at proteksyon sa NDIS. Ito ay makikipagtarabaho sa mga tagabigay, mga taong may-kapansanan at ang kanilang mga tagapag-alaga, mga pamilya at tagapagtaguyod upang makamit ito.

Ano ang pananagutan ng Komisyon ng NDIS?

Ang Komisyon ng NDIS ay:

- nagpapatala at namamahala sa mga tagabigay-serbisyo ng NDIS at nangangasiwa sa kalidad ng mga tagabigay-serbisyo
- nagsusubaybay sa pagsunod sa NDIS Practice Standards at ang NDIS Code of Conduct
- tumutugon sa mga pag-aalala, reklamo at mga naiulat na mga pangyayari
- nagbibigay ng payo sa mga tagabigay-serbisyo tungkol sa pamamahala ng mga reklamong galing-sa-loob at pagsusuporta sa mga kalahok sa paggawa ng reklamo
- pagpapayo sa mga tagabigay-serbisyo tungkol sa mga sistema ng pamamahala sa mga pangyayari at kung paano iulat ang mga malalang pangyayari sa Komisyon ng NDIS
- nakikipagtrabaho sa mga taong may kapansanan, tagabigay-serbisyo at manggagawa ng NDIS upang mapahusay ang kanilang mga kakayahan at kaalaman
- sumusubaybay sa paggamit ng mga nakapagpipigil na kagawian at pangaralan ang mga tagabigay-serbisyo at kalahok tungkol sa mga pamamaraan sa pagsuporta ng pag-aasal
- nagtatrabaho kasama ang mga estado at teritoryo sa pagdidisenyo at pagpapatupad ng pare-parehas sa buong bansa na pagtatasa sa mga manggagawa
- nagbibigay ng pangangasiwa ng pamilihan sa pamamagitan ng pagsusubaybay sa mga pagbabago sa pamilihan na nangangailangan ng masusing pansin
- nagpapamahagi ng impormasyon sa ibang mga ahensyang nagpapasunod sa mga alituntunin.



Ano ang nagagawa ng Komisyon ng NDIS para sa mga kalahok?



Kayo ay may karapatang nakakaramdam ng kaligtasan at nakakatanggap ng mga serbisyong de-kalidad.

Saan man kayo nakatira, kayo ay maaaring aasa ng mga de-kalidad at ligtas na mga serbisyo.

Tinitiyak namin na ang mga tagabigay-serbisyo at mga manggagawa ay nalalaman at sumusunod sa mga alituntunin para sa kalidad at kaligtasan.

Ang NDIS Code of Conduct at ang NDIS Practice Standards para sa mga tagabigay-serbisyo at manggagawa ay magbibigay ng malinaw at naipapatupad na mga pamantayan para sa kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at suporta sa NDIS.

Asikasuhin namin ang mga reklamo tungkol sa mga kapahamakan o di-pagkakagusto sa mga serbisyo. Tama lamang na magsalita kayo.

Ang mga taong may kapansanan, o sinumang tao, ay maaaring magreklamo tungkol sa mga serbisyo at suporta ng Komisyon ng NDIS.

Lahat ng mga reklamo ay masinsinang tingnan at matatasa. Ang Komisyon ng NDIS ay kasamang natatrabaho ang mga kalahok, mga tagabigay-serbisyo at mga manggagawa upang malutas ang mga problema at mapahusay ang kalidad at kaligtasan ng mga tulong mula NDIS.

Kung hindi ninyo alam kung sino ang matatawagan, ang Komisyon ng NDIS ay tutulong sa inyo na makatawag sa tamang samahan.



Ano ang ginagawa ng Komisyon ng NDIS para sa mga tagabigay-serbisyo at manggagawa?



Kami ay nangangasiwa sa nag-iisang sistema ng alituntunin at pagpapatala para sa mga tagabigay-serbisyo ng NDIS sa buong Australya.

Ang Komisyon ng NDIS ay nagbibigay ng nag-iisang pambansang sistema ng pagpapatala at pagkokontrol sa mga tagabigay-serbisyo ng NDIS na nagtatakda ng isang pare-parehong pamamaraan para sa kalidad at mga proteksyon sa buong Australya.

Kami ay gagamit sa alituntunin na nababagay depende sa kabigat ng pagkakasala.



Ang NDIS Quality and Safeguards Rules ay nagtatakda ng mga pangangailangan para sa kalidad at kaligtasan.

Lahat ng mga tagabigay-serbisyo at manggagawa ng NDIS ay kailangang sumunod sa NDIS Code of Conduct, na siyang nagtatakda sa mga kalidad ng pag-uugali, kultura at paglilingkod.

Ang mga tagabigay-serbisyo na naitala sa Komisyon ng NDIS ay kailangang makamit nila ang NDIS Practice Standards, pati ang mga pangangailangan sa kalidad at kaligtasan ng mga serbisyo at suporta na ibinibigay nila.

Kasali rin sa sistema ng kalidad at pananggalang sa Komisyon ng NDIS ang mga pangangailangan para sa pamamahala ng mga reklamo, pamamahala sa mga pangyayari, ang pagtatasa ng mga manggagawa, suporta sa pag-uugali at paggamit sa mga naghigpit na kagawian. Ito ay nakikipagtrabaho sa mga tagabigay-serbisyo at nagbibigay ng edukasyon at pagsasanay upang makatulong sa pagkakaintindi ng kanilang mga pananagutan.

Kung ang mga tagabigay-serbisyo o mga manggagawa ay hindi nakakatupad sa mga kinakailangan, ang Komisyon ng NDIS ay maaaring gumawa ng mga hakbang na pang-edukasyon, pagwawasto o pagpapatupad.